International Journal of Transformative Multidisciplinary Studies
ISSN Print: 3116-3009 | ISSN Online: 3116-3017
Driving Transformative Impact Across Disciplines

**Peer Review Report Form**

| **Pamagat ng Manuskrito:** | Mga Sexist na Wika sa mga Pahayag ng Piling Politiko sa Facebook: Isang Pagsusuri |
|---|---|
| **Uri ng Artikulo:** | Orihinal na Artikulo |

## UNANG YUGTO

### Editor

| **Pangkalahatang Puna** |
|---|
| Kinikilala ng mga tagasuri ang kahalagahan ng inyong manuskrito at inirerekomenda ang mga rebisyon upang higit pang mapabuti ang kalinawan, organisasyon, at pangkalahatang kalidad nito.<br><br>Bukod dito, kinakailangan ninyong magsagawa ng masusing imbentaryo ng mga sanggunian sa inyong manuskrito. Tiyakin na ang mga sangguniang binanggit lamang sa loob ng manuskrito ang nakatala sa seksyong “Mga Sanggunian”, gayundin, na ang lahat ng sanggunian ay maayos na nabanggit sa manuskrito. Halimbawa, kung may 20 sangguniang binanggit sa manuskrito, dapat ay 20 lamang din ang nasa seksyong “Mga Sanggunian”. Gayunpaman, tandaan na ang paulit-ulit na pagbanggit sa iisang sanggunian sa loob ng manuskrito ay binibilang bilang isang *entry* lamang; kaya maaaring mas mababa ang bilang ng mga entry sa seksyong ito, kumpara sa kabuoang bilang ng *in-text citations*. |

### Tagasuri 1

| **Pangkalahatang Puna** |
|---|
| Mahalaga at napapanahon ang paksa ng manuskrito dahil tinatalakay nito ang sexist na wika sa pampublikong diskurso ng mga politiko sa Facebook. May malinaw itong potensyal na makapag-ambag sa pag-aaral ng wika, kasarian, politika, at social media. Gayunman, kailangan pang patibayin ang paglalahad ng suliranin, metodolohiya, at pagsusuri upang maging mas akademiko at kapani-paniwala ang kabuuang papel. |

| **Tiyak na Puna** |
|---|
| Malinaw na mahalaga ang paksa, ngunit hindi pa sapat na naipapakita kung ano ang kulang sa mga naunang pag-aaral at paano naiiba ang kasalukuyang pananaliksik. Dapat ipakita kung bakit kailangang pag-aralan ang mga pahayag ng politiko sa Facebook at ano ang bagong ambag nito sa larangan ng wika at *gender studies*. |
| Kailangang palakasin ang metodolohiya. Nabanggit na gumamit ng *discourse analysis, pragmatic-feminist lens,* at *thematic coding*, ngunit kulang ang paliwanag kung paano pinili ang mga politiko, anong panahon sakop ng datos, paano natiyak ang katumpakan ng mga pahayag, at paano isinagawa ang coding. Mahalaga ito upang maging mapagkakatiwalaan ang resulta ng pag-aaral. |

International Journal of Transformative Multidisciplinary Studies
ISSN Print: 3116-3009 | ISSN Online: 3116-3017
Driving Transformative Impact Across Disciplines

| |
|---|
| Sa kasalukuyan, mas nangingibabaw ang paglilista at pagpapangkat ng mga sexist na pahayag. Mas magiging matibay ang papel kung mas ipaliliwanag kung paano gumagana ang mga pahayag sa konteksto ng politika, kapangyarihan, kultura, at online na komunikasyon. Hindi sapat na sabihing sexist ang pahayag; kailangang ipakita kung bakit at paano ito nakaaapekto sa pampublikong pagtingin sa kasarian. |
| Kailangang ayusin ang ilang hindi pagkakatugma sa datos at paglalahad. May bahagi na nagsasabing pitong babae at pitong lalaki ang sinuri, ngunit sa resulta ay lumilitaw ang ibang bilang ng personalidad at pahayag. Mayroon ding hindi tugmang susing-salita sa Filipino at English abstrak. Ang ganitong *inconsistencies* ay maaaring makabawas sa kredibilidad ng manuskrito kaya kailangang rebisahin bago ito isaalang-alang para sa publikasyon. |

**Mangyaring ipahiwatig ang iyong pasya sa pamamagitan ng pag-tsek sa naaangkop na kahon sa ibaba.**

| **Pasya** | |
|---|---|
| | Tanggapin ang manuskrito para sa publikasyon. |
| ✓ | Tanggapin ang manuskrito para sa publikasyon, ngunit kinakailangang masunod nang kasiya-siya ng may-akda ang mga komento at rekomendasyon ng mga tagapagsuri. |
| | Tanggihan ang manuskrito dahil hindi ito angkop para sa publikasyon. |

**Tagasuri 2**

| **Pangkalahatang Puna** |
|---|
| Napakaganda at napapanahon ng inisyatiba ng inyong pag-aaral na suriin ang paggamit ng sexist na wika ng mga politiko sa pamamagitan ng platapormang Facebook. Ang pagpili sa paksang ito ay may napakalaking halaga upang maimulat ang lipunan sa mga isyung may kinalaman sa *gender stereotype*s, pagbaba ng tingin sa kababaihan, at pag-normalize ng karahasan sa digital na espasyo. Maganda ang paglalatag ng inyong teoretikal na balangkas, partikular ang paggamit ng *pragmatic-feminist lens* at *discourse analysis.* |

| **Tiyak na Puna** |
|---|
| Malinaw na inilatag ang tatlong pangunahing suliranin ng inyong papel. Mainam ang naging pagsagot sa unang dalawang tanong tungkol sa mga terminong ginamit at kung paano ipinakita ang esteryotipo. Subalit, ang inyong ikatlong suliranin kung paano nakakaapekto ang mga sexist na pahayag sa pangkalahatang gamit ng wika sa lipunan, ay tila hindi sapat na nasagot gamit ang inyong mga nakalap na datos. Sa bahagi ng "Epekto ng mga Sexist na Wika", ang pagtalakay ay nakabatay higit sa mga pangkalahatang obserbasyon kaysa sa empirikal na ebidensya mula sa *Facebook comments* o reaksyon ng mga mamamayan. Inirerekomenda kong palawigin ang bahaging ito gamit ang aktwal na datos upang mas maging matibay ang argumento. |
| Mayroong napakalaking hindi pagkakatugma sa mga bilang ng inyong mga kalahok at datos na kailangang linawin at itama kaagad. Sa inyong Abstrak at bahagi ng Metodo, sinabi ninyong ang datos ay kinuha mula sa pitong (7) babae at pitong (7) lalaking politiko. Ngunit sa parehong |

International Journal of Transformative Multidisciplinary Studies
ISSN Print: 3116-3009 | ISSN Online: 3116-3017
Driving Transformative Impact Across Disciplines

| |
|---|
| Abstrak, nabanggit din na nakapagtala kayo ng labing limang (15) lalakeng personalidad at tatlong (3) babae. Higit pa rito, nang ilahad ninyo ang Resulta (Talahanayan 1), nakatala na mayroon kayong labing anim (16) na opisyal kung saan labing apat (14) ang lalaki at dalawa (2) ang babae. Ang kalituhang ito sa batayang datos ay nagpapahina sa kredibilidad ng inyong metodolohiya. Kailangang i-reconcile kung ilan talaga ang inyong pinag-aralan. Bukod pa rito, bagama't nakaangkla ang pag-aaral sa "mga pahayag... sa Facebook" ayon sa pamagat , napansin ko sa Talahanayan 1 na marami sa mga pahayag ay orihinal na binanggit sa labas ng Facebook (hal. Senate Hearing ni Sen. Sotto noong 2017, Campaign Rally ni Gov. Unabia noong 2025, House Justice Committee Hearing noong 2026). Kahit nabanggit ninyong ang mga ito ay "ibinabahagi ng mga ordinaryong mamamayan, o masa... sa facebook", mahalagang linawin sa inyong pamagat o limitasyon na ang inyong sinusuri ay mga "*viral* o nakalathalang pahayag ng politiko na kumakalat sa Facebook" at hindi kinakailangang orihinal na ipinost mismo ng politiko sa *platform* na ito. |
| Napakalaki ng potensyal na ambag ng manuskritong ito sa sosyolinggwistikong pag-aaral sa Pilipinas. Ang inyong klasipikasyon at pagbuo ng Talahanayan 2 na nagpapakita ng ugnayan ng deskripsyon, klasipikasyon, at pahayag na sexist ay isang napakagandang modelo na magagamit ng iba pang mananaliksik sa pagsusuri ng diskurso. Pinapatunayan ng inyong papel kung paanong ang wika ay nagiging kasangkapan sa pagpapalaganap ng patriyarkal na norm at paninira sa dignidad ng kababaihan, na isang napapanahong paksa sa araling kultural at kasarian. |
| Nangangailangan ang papel ng matinding *proofreading* at *copyediting* bago ilathala. May mga bahagi sa Abstrak pa lamang na may mga typographical errors (halimbawa: "digital na kumindad", "ngapapatibay", "lalayun suiin nagsuri", "suriliranin", "tinatamasan"). Nakasisira sa propesyonal na dating ng isang akademikong papel ang ganitong mga pagkakamali sa pagbabaybay. Sa pagbanggit ng Talahanayan 1 sa diskusyon, siguraduhing tama ang pagkakabilang ng mga insidente dahil may pagkakaiba sa mga taon at sitwasyon ng pahayag ng mga politiko. |

**Mangyaring ipahiwatig ang iyong pasya sa pamamagitan ng pag-tsek sa naaangkop na kahon sa ibaba.**

| **<u>Pasya</u>** | |
|---|---|
| | Tanggapin ang manuskrito para sa publikasyon. |
| ✓ | Tanggapin ang manuskrito para sa publikasyon, ngunit kinakailangang masunod nang kasiya-siya ng may-akda ang mga komento at rekomendasyon ng mga tagapagsuri. |
| | Tanggihan ang manuskrito dahil hindi ito angkop para sa publikasyon. |

International Journal of Transformative Multidisciplinary Studies
ISSN Print: 3116-3009 | ISSN Online: 3116-3017
Driving Transformative Impact Across Disciplines

**IKALAWANG YUGTO**

| **Pasya** | **Editor** | **Reviewer 1** | **Reviewer 2** |
|---|---|---|---|
| Tanggapin ang manuskrito para sa publikasyon. | / | / | / |
| Tanggapin ang manuskrito para sa publikasyon, ngunit kinakailangang masunod nang kasiya-siya ng may-akda ang mga komento at rekomendasyon ng mga tagapagsuri. | | | |
| Tanggihan ang manuskrito dahil hindi ito angkop para sa publikasyon. | | | |